Title:

# JOHNSON AT PUTOL

Category: **Maikling Kuwento**

Division: **Filipino Division**

**Synopsis:**

“Magpa-franchise ako ng foodcart, doon ko gagamitin ‘yung pera, investment ba.” Iyan ang sagot ni Johnson sa tanong ni Putol kung saan niya gagamitin ang perang kinita nila. Mga hired killer sila. Riding in tandem. Putol ang hinliliit sa paa ni Putol kaya siya tinawag na Putol. Ang business minded na si Johnson naman ay ipinangalan ng kanyang tatay sa NBA player na si Magic Johnson.

May kumuha sa serbisyo ni Johnson at Putol. Isang bumbay. Mahilig sa tsokolateng Cloud9 ang bumbay na ito. Gusto niyang ipapatay ang kakumpitensiya niya sa negosyo na naging kabit rin ng kanyang asawa. At pinatay nga agad ito ni Johnson at Putol, binaril nila sa ulo. Walang emosyon. Business as usual. 50,000 pesos ang binayad sa kanila ni bumbay, tig-25,000 pesos sila.

Isang araw, nabangga ng delivery truck ng Cloud9 si Johnson habang siya’y nagmomotorsiklo. Ikinamatay niya ito. Marami ang nakiramay. Pati ‘yung bumbay. Dahil sa nangyari sa kanyang kaibigan, gusto nang magbagong buhay ni Putol. Gusto na niyang mag-aral uli. Gusto na niyang mabuhay ng patas.

Na-dengue ang nakababatang kapatid ni Putol. Kailangan niya ng pera. Sakto namang nag-text si bumbay, nabalitaan niya na nabuhay pala ang taong ipinapatay niya, ang kakumpitensiya-sa-negosyo/kabit-ni-misis. Gulat na gulat si Putol, hindi makapaniwala, dalawang beses nila kasi itong binaril sa ulo. Himala pang nakalabas na agad ito ng ospital. Nais ni bumbay na balikan uli ito ni Putol para tuluyan nang patayin. Babayaran niya uli si Putol para gawain ito.

Kakagatin ba ni Putol ang offer ni bumbay para magamit niya ang pera sa pagpapagamot ng kanyang kapatid? O ipagpapatuloy niya ang kanyang pagbabagong buhay?

**JOHNSON AT PUTOL**

"Magpa-franchise ako ng foodcart, doon ko gagamitin 'yung pera, investment ba."

'Yan ang sagot sa akin ni Johnson nang tanungin ko siya kung saan niya gagamitin ang 50,000 pesos na bayad sa amin ni Bumbay. Hati kami, tig-25K. Hindi kami entrepreneurs. Riding-in-tandem ang propesyon namin ni Johnson, hired killer. Mga taong laging laman ng balita sa telebisyon, radyo, CCTV, Youtube at News Feed sa Facebook. Hindi kumpleto ang TV Patrol kung walang balita tungkol sa mga taong tulad namin.

Ako si Putol. Putol ang hinliliit ko sa kaliwang paa kaya 'yun ang naging bansag sa akin. Nasanay na rin ako. Noong una naaasar pa ako. Alam ninyo naman dito sa atin sa Republic of the Philippines, creative ang mga palayaw at bansag. Kung maitim ka, Negra palayaw mo. Kung mataba ka, Taba naman ang ibabansag sa 'yo. Ang tatalino! Dahil sa tadhana at katangahan e naipit sa kadena ng bike ang hinliliit ko noong Grade 2 ako habang nakaangkas ako sa pinsan ko. Ang ganda kasi nung pinsan ko na 'yun e ang bait pa, kaya favorite kong umangkas sa kanya, 'yun lagi ang highlight ng weekend ko, 'yung mahawakan ang balikat niya habang ako'y nakaangkas sa likod ng bisikleta at humahampas ang malamig na hangin sa aking mukha at lalong nahahati sa gitna ang kimpee kong buhok. Tapos pag-uwi sa amin ay pagjajakulan ko si pinsan (sorry pinsan). Good times. Happy times.

Balik sa raket namin ngayon, tama na ang nostalgia. Semi-kalbo na ako ngayon at hindi na kimpee. Kapwa niya bumbay din ang ipinatodas sa amin ni Bumbay. E kakompetisyon niya sa business kaya ayun ipinapatay sa amin ni Johnson. Gusto niya yata kasi siya lang ang nagbebenta ng bulaklaking kumot at banig sa kanilang lugar. Medyo bayolente lang ang business

strategy niya pagdating sa mga kakumpetensya. Marahas at brutal. Hindi matututunan sa business school.

Ako ang bumaril doon sa bumbay na kakumpetensya ni Bumbay. Naka-full face helmet kami ni Johnson para hindi makilala. Mabilis lang ang pangyayari. Mga pusong walang puwang sa kaba. Mga kaluluwang walang puwang sa emosyon. Business as usual. Mas malamig pa sa ice candy ang dugong dumadaloy sa ugat namin ni Johnson. Sa tapat ng isang karinderya namin dinale ‘yung bumbay na pinadale ni Bumbay. Kakatapos niya lang maningil ng pautang sa may ari ng karinderya.

PAAAK! PAAAK!

Dalawang mabilis na patama sa ulo. Bagsak si bumbay. Parang Jestoni Alarcon lang ang datingan. Wala nang nagawa ‘yung mga tao na kumakain, baril ang hawak namin e, sila kutsara’t tinidor lang. Kung papalag sila e di para silang nagtampo sa bigas, ika nga ni FPJ.

Kinuha din ni Johnson ‘yung rice cooker na nakatali sa likod ng motor nung bumbay. Kinuha din niya ang wallet at cellphone nito. Walang patawad si Johnson. Ang ganda nung wallet, brown leather, primera klase, mukhang binili sa SM. Pero ‘yung cellphone, 3210 lang, walanjo. Malas! Buti na lang siksik-liglig ‘yung wallet, sasabog na sa dami ng laman, mukhang punung-puno ng salapi. Olryt!

Kampante kaming sumakay ng motorsiklo. Si Johnson ang driver, ako ang nakaangkas, bitbit ko ‘yung rice cooker. Pambihira talaga ‘tong si Johnson kumuha pa ng bitbitin, hassle! Nagpaputok pa ako ng dalawang beses sa ere for added cinematic value, Ace Vergel ang datingan.

“Plakahan n’yo!” sigaw ng tindera ng karinderya habang kami’y palayo na lulan ng aming motor. May isang gagong tumayo at hinabol kami ng tingin.

"Hindi ko makita! Natatakpan 'yung plaka!" sagot ni tanga.

Dora The Explorer na sticker ang tumatakip sa plate number namin. Dinikit ko talaga ito para hindi kami maplakahan. You know, safety first. Nakuha ko sa bag ng kapatid ko 'yung sticker. Salamat, Dora. Sorry, my little sister.

Daretso kami sa 7-Eleven sa may tulay sa Imus, nag-Slurpee, dang init e. Dito rin ang meet-up place namin ni Bumbay. Nilibre ako ng siopao ni Johnson. Salamat, Johnson.

Nilabas ni Johnson 'yung wallet at 3210 cellphone.

"Bakit mo pa kinuha 'yang cellphone?  Lumang-luma na e," tanong ko sa kanya habang nilalagyan ko ng sauce ang siopao.

"Bibigay ko sa ate ko. May loading business 'yun e," sagot ni Johnson.

3210  ang pinakaunang naging cellphone ko. Ninakaw ko sa aming school nurse noong isang beses na pumunta ako sa clinic dahil nagtatae ako. Napakalibog ng school nurse na 'yun, kung sinu-sino ang kalandian sa text, pati 'yung janitor ng school namin! Hardcore!

Kinagat ko 'yung siopao. Ang sarap. Binuksan ni Johnson 'yung wallet.

Puro studio picture mula sa Tronix pala 'yung laman ng wallet! Fucktaeshit! Akala naman namin pera, bochog na bochog kasi e. Dapat photo album na lang dinala niya, hindi wallet.

May dalawang anak pala 'yung bumbay na tinumba namin. Parehas babae. Mga mukhang nasa elementarya pa lang sila. Mahilig sa One Direction 'yung isa, dahil sa halos lahat ng picture niya e laging One Direction t-shirt ang suot niya. Ang cute nung mga bata. Kasing edad lang siguro ng kapatid ko 'yung bunso. Ang ganda rin ng asawa niyang pinay. Ang ganda ng pamilya niya. Nakakainggit. Sana balang araw magkaroon din ako ng ganoong pamilya. Nakaramdam ako ng konsensya at kurot sa puso habang tinitignan ko 'yung mga larawan. Ibinalik ko na sa

loob ng pitaka ang mga larawan bago pa tuluyang lamunin ng konsensya ang puso ko. Riding-in-tandem ka, Putol! Tibayan mo loob mo, Putol! Picture lang yan! ‘Wag kang magpadala!

Isang beses pa lang akong nakakapagpa-picture sa Tronix, sa Robinson Imus, kasama ko si Johnson at iba pa naming tropa. Nagdagdag pa kami ng sampung piso para naka-laminate ‘yung picture, para mas tumagal. Buhay pa rin ang picture na ‘yun, nakaipit sa salamin sa kwarto namin sa bahay. Sulit na rin ‘yung additional ten pesos,  di ba?

Magic Johnson Salvador ang buo niyang pangalan. Paboritong basketball player kasi ng tatay niya si Magic Johnson. Ako naman Glen Saporsantos ang tunay na ngalan. Si Glen Capacio naman ang paboritong PBA player ng tatay ko kaya Glen ang ipinangalan niya sa akin. Mahilig manood ng basketball ang mga tatay namin pero hindi sila marunong maglaro. Pero kung manood ng basketball sa TV mga akala mo kung sinong magagaling! Kung inuman lang sana ang laro sa PBA, MVP na ang mga tatay namin.

Sa isang looban lang kami lumaki ni Johnson. Childhood friend kami. Sabay kaming nagpatuli at nangarap. Isang buwan bago gumaling ‘yung tuli ni Johnson, sinasalsal niya daw kasi. Walang nangyari sa pangarap namin. Kaya heto kami ngayon. Tiga-singil ng kaluluwa, mga alagad ni Kamatayan. Satan’s little helpers.

Ubos na namin ang siopao. Malapit na rin maubos ang Slurpee. May tumabi sa amin. Kumakain ng Cloud9, si Bumbay.

“Tapos na?” tanong sa amin ni Bumbay. Sarap na sarap siya sa Cloud9.

“Tapos na,” sagot ni Johnson. Kalmado. Propesyonal.

“Sino’ng bumaril?”

“Si Putol.”

“Apir,” inapiran ako ni Bumbay. “Kinabahan ka?” tanong niya.

“Hinde,” sagot ko.

Binuksan ni Bumbay ang kanyang belt bag, napakabaduy talaga, computer age na e belt bag pa rin ang gamit, kulay neon green pa. May kinuha siyang puting sobre sa loob nito. Inabot niya sa akin. Sinilip ko ang loob ng sobre. Puno ng pera. Ito na ‘yung kabayaran niya sa amin na 50,000 pesos. Hindi ko na binilang. May tiwala ako sa kanya. Takot lang niya.

May kinuha uli si Bumbay sa kanyang neon green na belt bag. Dalawang Cloud9. Ibinigay niya sa amin ni Johnson.

“Thank you,” pasalamat ni Johnson.

“Ang sarap ng Cloud9. ‘Yung classic flavor lang. Paborito ko ‘yan. Lagi akong nagpapadala sa mga relatives ko sa India ng Cloud9. Gustong-gusto ng mga pamangkin ko doon. Sikat ang Cloud9 sa baryo namin sa India. Mas gusto nila ‘yan kaysa sa Snickers,” kwento ni Bumbay.

Tumango at ngumiti kami ni Johnson. Tumayo agad si Bumbay at lumabas ng 7-Eleven pagkatapos. Hindi na niya hinintay ang aming sagot.

Kinuha ni Johnson sa akin ang puting sobre. Binilang niya ang pera. Tama, 50,000 pesos nga ang laman. Pinaghatian namin ito.

“Saan mo gagamitin ‘yang pera, Johnson?”

“Magpa-franchise ako ng foodcart, doon ko gagamitin ‘yung pera, investment ba.”

“Wow,” sagot ko habang binubuksan ang Cloud9 na bigay ni Bumbay.

“Kaya ko nga kinuha ‘tong rice cooker,” natalsikan pala ng dugo ‘yung rice cooker, pinunasan niya. “Gagamitin ko ‘to sa foodcart business.”

“Astig ka talaga, tol.”

Tinignan uli ni Johnson ang pitaka nung bumbay. Limangdaang piso lang ang laman nito. Binigay niya sa akin lahat ito.

"Hati tayo, tig-250," sabi ko.

"Wag na, sa 'yo na 'yan. Akin naman 'tong rice cooker e."

Tumingin ako sa relo ko. Alas-kwatro na sabi ng aking pekeng G-Shock.

"Johnson, una na ako. Susunduin ko pa si Trixie."

Nakatayo ako sa gate ng school nina Trixie. Hinihintay siya. Labasan na ng eskwela. Ang tagal niya bago lumabas, cleaner sila siguro. Naglakad lang ako papunta rito. Malapit lang naman e. Kay Johnson 'yung motor na ginamit namin kanina. Grade 2 na si Trixie, teacher niya si Ma'am Watson. Ako din noong Grade 2 ako teacher ko din si Ma'am Watson. Teacher namin siya ni Johnson. Mabait 'yung si Ma'am Watson, napakabait. Hindi ka niya papagalitan kahit hindi ka bumili sa paninda niya. Saka sa lahat ng mga teacher hanggang 20$^{th}$ Honor ang binibigyan niya ng ribbon sa section niya sa end ng school year. 'Yung ibang teachers hanggang 10$^{th}$ Honor lang. 17$^{th}$ Honor ako noon kay ma'am. Si Johnson naman 11$^{th}$ Honor ang nakuha. Masipag kaming mag-aral noon. Pride kami ng mga tiga-looban, dahil sa lahat ng bata sa looban kami lang ang nakakakuha ng honor.

Lumilipad ang isipan ko ng may biglang lumambitin sa braso ko. Si Trixie.

"Kuya!" sigaw niya habang nakalambitin sa braso ko. Ang sweet ng kapatid ko. Gusto ko ang mga tagpong ito.

"Ang bigat mo," hindi ito biro, mabigat na talaga siya. Bumitaw siya sa pagkakalambitin, kinuha ko ang backpack at ako ang nagdala.

"Kuya, nawawala 'yung sticker ko na Dora. Nasa bag ko lang 'yun e."

*Patay*.

“Baka kung saan mo lang nailagay,” sagot ko. Paborito ni Trixie si Dora. Sobra.

Nasalubong namin si Johnson nang papasok na kami sa looban. Bitbit niya ang kanyang brand new rice cooker. Proud na proud ang mokong. Taas noo.

“Ninong Johnson!” sigaw ni Trixie kay Johnson. Inaanak ni Johnson si Trixie.

Nagmano si Trixie sa kanyang Ninong Johnson. Napakabait talaga ng kapatid ko, kahit computer age na e marunong pa ring magmano.

“Akala ko ba pang foodcart mo ‘yang rice cooker? Saan mo dadalahin? Ibebenta mo na?” bati ko kay Johnson.

“Hindi, ‘tol. Ipapahiram ko muna sa tita ko,” sagot niya. “Hikain kasi ‘yun, tapos uling pa rin ang ginagamit kung magluto.”

“Bait ah.” Mabait talaga si Johnson.

Sumingit si Trixie. “Ninong, i-download mo uli ako ng Barbie movies at Dora.”

“Sige, walang problema, inaanak. Dalahin ko na lang sa inyo bukas ‘yung USB.” Mabilis ang internet nina Johnson kaya hindi hassle mag-download. Napakabagal kasi ng internet namin. Mas mabagal pa sa na-stroke na pagong.

“Yes!” ang laki ng ngiti ni Trixie.

Kinabukasan, tinupad naman ni Johnson ang pangako niya kay Trixie, dinala niya sa bahay ang USB flashdrive na puno ng Barbie movies at Dora episodes. At ‘yun na pala ang huling araw sa mundo ni kaibigang Johnson.

Nabangga si Johnson ng delivery truck ng Cloud9. Nasagi lang siya nung truck, kaso napasama ‘yung bagsak niya, bumarog ang kanyang ulo sa aspalto. Imbis na tulungan, humarurot

palayo ‘yung truck para tumakas. Tanga ba siya, ang laki kaya nung logo ng Cloud9 dun sa truck niya, kaya nadakip din siya agad. Nakakalungkot, sayang, napakarami pa namang pangarap ni Johnson. Bahay, pamilya, trabaho, foodcart.

Sa unang araw ng lamay ni Johnson ay hindi na nagawang sumama sa akin ni Trixie para silipin ang kanyang ninong. Nandoon lang siya sa bahay namin magdamag, iyak nang iyak habang pinapanood ang Barbie movies na dinownload ng kanyang pinakamamahal na ninong. Ako din, napaluha. Hindi ko lubos akalain na sa tanangbuhay ko ay maiiyak ako habang nanonood ng Barbie movie.

Sa pambili ng kabaong napunta ang pera ni Johnson at hindi sa foodcart. Humahagulgol ang nanay at kapatid ni Johnson habang yakap-yakap nila ang puting kabaong. Biglaan kasi ang pagkamatay. Nagulat ang lahat. Hindi kami handa.

Dumating sa burol si Bumbay. Ngumangata ng Cloud9, as usual. Sa akin siya unang lumapit, ako lang naman ang kilala niya doon.

“Grabe, ano ba’ng kinamatay ni Johnson?” tanong ni Bumbay. Sarap na sarap siya sa kinakaing Cloud9. Classic flavor, syempre.

“Nabangga ng delivery ng truck ng Cloud9,” sagot ko. Napatingin ako sa kinakain niyang Cloud9.

“Nagbibiro ka ba?”

“Seryoso.”

“Tang-inang ‘yan,” marahan na sagot ni Bumbay. Bumagal ang kanyang pag-nguya sa Cloud9, parang gusto na niya itong iluwa.

Umalis muna ako saglit sa lamay ni Johnson. Pumunta muna ako sa palengke, malapit na kasi magsara. Bibili muna ako ng Dora The Explorer sticker, pamalit dun sa sticker na ninakaw

ko kay Trixie, para maibsan kahit kaunti man lang ang lumbay at pighati ng aking kapatid. Mahal na mahal ko si Trixie. Mahal na mahal din siya ng kanyang Ninong Johnson.

Kaya heto ako, si Glen Saporsantos, nasa tamang edad, semi-kalbo, nakasuot ng black UFC t-shirt, isang mamamatay tao, heto ako at taas-noong bibili ng Dora The Explorer sticker.

Wala nang hihigit pa sa mga katagang: "Ate, meron po kayong Dora na sticker?" Nakapanlulumo. Pero ngayon, wala na akong pakialam. Wala akong pakialam kung pagdudahan nila ang pagkalalake ko. Gusto ko lang talagang surpresahin at mapasaya kahit papaano ang kapatid ko.

Makaraan ng ilang sandaling paghahanap ay nakakita rin ako ng Dora na sticker. Ang panget nung sticker, sobrang panget talaga, hardcore, hindi niya kamukha, parang random mexican kid lang, malalaman mo lang na si Dora pala 'yun dahil may nakasulat na Dora The Explorer sa ibaba. No choice na ako e, sarado na kasi halos lahat ng tindahan sa palengke.

Pagbalik ko sa bahay, tulog na ang kapatid ko. Hindi na niya kinaya ang lungkot na dala ng Barbie movie. Nakatulog siya nang nakabukas pa ang TV.

May mala-kristal na butil ng luha na tumulo sa gilid ng kanyang kaliwang mata. Kinumutan ko siya. Inilapag ang sticker sa lamesita. Sana magustuhan niya. Sana magustuhan niya. Paulit-ulit kong dasal. Sana magustuhan niya ang random Mexican girl na si Dora daw.

Humimbing ka aking kapatid. Humimbing ka. Nawa'y managinip ka ng masasayang bagay. Nawa'y mapaginipan mo si Ninong Johnson mo at makalaro ninyo si Dora at si Barbie.

Bumalik ako sa lamay ni Johnson. Nandoon pa rin si Bumbay, kumakain pa rin ng Cloud9.

Gusto ko nang magbago. Ayoko nang pumatay. Gusto ko na uling mag-aral! Gusto ko ng maayos na trabaho! Gusto ko ng pamilya! Gusto ko ng sariling bahay! Gusto ko ng maraming picture sa Tronix! Gusto ko ng foodcart! Gusto kong mag-aral sa computer school, kahit 2-year college course lang.

Pumunta ako sa Datacom College sa may Aguinaldo Highway para mag-inquire, suot ang aking paboritong polo shirt at pantalon, ang sarap sa pakiramdam kapag nakaporma. Tao na uli ako. Napakainit kaya nagdala ako ng folding umbrella, hindi ako nahihiyang magdala ng payong tulad ng ibang mga lalake.

Putang-ina napakaraming requirements ang hinihingi sa akin ng school! Nakakatamad. Hassle. Nag-yosi muna ako sa labas. Nag-isip-isip. Pinanood ang mga sasakyan sa labas. Nakipagkwentuhan sa tindera ng yosi. Malapit ng maubos ang yosi, nakapag-desisyon na ako, ng tuluyan ko ng maubos ang yosi ko ay tinapon ko ito sa basurahan kasama ng aking mga pangarap. Ayoko nang mag-aral. Pumara ako ng jeep at pumunta na lang ako sa SM Bacoor.

Na-confine sa ospital si Trixie, na-dengue. Kailangan ko ng pera. Tumunog ang cellphone ko. May nag-text, si Bumbay.

*punta ka d2 haws*

Nag-reply ako:

*k*

Pagkakaperahan ito, I’m sure! Tini-text lang naman niya ako kapag may ipapagawang trabaho. Praise the Lord!

Pumunta ako kina Bumbay agad-agad. Pinag-meryenda muna niya ako. Ensaymada at orange juice. Inalok niya ako ng Cloud9, tumanggi ako.

“Buhay pa si bumbay,” saad ni Bumbay.

“Ha???”

“Si bumbay, nabuhay pa.”

“Puta, dalawang beses ko nang binaril sa ulo ‘yun ah!” hindi ako makapaniwala. Ang sarap ng ensaymada. Medyo matabang ‘yung orange juice.

“Hindi napuruhan. Minsan kailangan magpatay-patayan para lang makaligtas at mabuhay, parang ipis. Nakalabas na nga daw ng ospital nung isang araw e.”

“Ang tindi nun ah. So, babawiin mo ‘yung perang binayad mo sa akin? Wala na, nagastos ko na.”

“Hindi ko babawiin. Balikan mo na lang siya. Patayin mo na. Siguraduhin mo na this time. Bigyan pa kita ng additional na 10K.”

“Ok, ok. Bakit ba galit na galit ka dun sa tao na ‘yun?”

“Naging kabit siya ng misis ko. Tapos kinumpetensya pa niya ako sa negosyo. Nang-aagaw ng teritoryo!”

Hindi na ako sumagot. Ang tabang talaga ng orange juice.

Nagpatuloy si Bumbay. “Tinikman na nga niya ‘yung kike ng asawa ko, pati ba naman customer ko aagawin pa niya. Self-centered ang puta.”

Minatyagan ko uli ang bahay nung bumbay tulad ng ginawa namin ni Johnson dati. Sistematiko kami kumilos ni Johnson noon, may science, hindi basta-basta tira. ‘Yun ang natutunan ko kay Johnson. Ang ganda ng bahay nila, may puno pa ng aratilis sa bakuran na hitik sa bunga. Bakit kaya biglang naubos ang mga aratilis tree. Dati meron din kami e. Napakatagal ko nang hindi nakakatikim ng aratilis. Miss na miss ko na.

May naka-pwestong tindera ng Yakult malapit sa kanila. Doon rin ako pumuwesto. Bumili ako ng Yakult, ininom. Para hindi halata. After 15 minutes, wala pa ring lumalabas na tao sa bahay nina bumbay. Sila-sila lang ang tao sa loob, paano ko nalaman? Dahil sa tsinelas nila sa labas ng pinto, apat na pares lang. 'Yan ang sinasabi kong science. Bumili uli ako ng Yakulit, tinungga. Lumipas uli ang 20 minutes, wala pa rin, bumili uli ako ng Yakult. Puta, nakakatatlong Yakult na ako. Healthy pa ba 'yun? Hindi ba masama na sa katawan 'yun? Bahala na.

Makaraan ng isang oras ay lumabas na ng bahay si bumbay. Sa wakas. Praise the Lord. May gasa sa ulo. Grabe parang walang nangyari, parang hindi binaril sa ulo ng dalawang beses, parang nagka-pigsa lang ang puta. Tinignan ko maigi kung may nakabukol na baril sa bewang niya. Aba, mahirap na. Wala akong nakita.

Lumabas din ng bahay ang dalawang anak niyang babae. Bigla kong naalala ang mga cute na Tronix picture sa pitaka niya, ang mga family photo. Parang hindi ko na kayang gawain ito. Pero kailangan ko ng pera, para kay Trixie, pambayad sa ospital.

Kalma lang Putol, sabi ko sa sarili ko. Sistematiko. Walang emosyon. Science.

Pinanood ko sila habang nanunungkit ng bunga ng aratilis. Huminga ako ng malalim. Sukbit ang baril sa aking likuran ay naglakad ako palapit sa bahay nila. Ang bigat ng bawat hakbang ko, parang may nakalambiting dalawang anghel sa binti ko at pinipigilan ako. Side effect yata 'to ng ininom kong tatlong Yakult. Naka-One Direction t-shirt uli 'yung bunsong babae, ang cute talaga. Nasa harap na ako ng bahay. Nagkatinginan kami ni bumbay. Bigla siyang namutla. Ako din namutla. Nakatingin na rin sa akin ang mga bata. Puta bahala na! Para kay Trixie!

Sistematiko. Science. Walang emosyon.

"Pwede po makahingi ng aratilis?" 'yun lang ang nasabi ko.

HINDI KO NA TALAGA KAYANG PUMATAY.

Inabutan ako ng aratilis ng anak ni bumbay na naka-One Direction shirt.

Nagpasalamat ako sa kanila. At ako’y naglakad palayo.

Ang sarap talaga ng aratilis.

Sa tulong ng mga kamag-anak ay napagtulung-tulungan namin ang hospital bills ni Trixie. Salamat naman.

Buwan ng Abril, bakasyon na nina Trixie. Umuwi kami sa aming probinsya. Sa Pakil, Laguna. Ngayon na lang uli ako nakauwi sa loob ng mahabang panahon. First time lang makapunta dito ni Trixie. Marami pa ring aratilis sa Pakil. Tuwang-tuwa si Trixie, mahigit sampu ang kalaro niyang pinsan na kasing edad din niya.

Nagkita uli kami ng nakakatanda kong pinsan na babae. Naka-bike siya. Siya ‘yung may angkas sa akin sa bike nung naputol ang hinliliit ko sa paa. Ang paborito kong pinsan. Ang highlight ng aking mga weekend noong mga bata pa kami. Napakaganda pa rin ni pinsan. May dalawang anak na daw siya.

“Ate, paangkas,” sabi ko sa kanya. Excited ako.

Ngumiti siya at tumango. “Tara,” sabi niya.

Umangkas ako sa likuran niya. At kami’y nag-bisikleta palayo.

WAKAS